ANG **Bayan**
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 10
Mayo 21, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Pasakit at peligrong hatid ng palyadong gubyerno

Dahil sa palyadong pagharap ng rehimeng Duterte sa pandemyang Covid-19, labis ang dinaranas na pasakit at kinakaharap na peligro ng sambayanang Pilipino. Hindi lamang hinaharap ng milyun-milyong Pilipino ang nagpapatuloy na banta ng Covid-19, binabalikat din nila ang mabigat na pasanin ng mga hakbangin sa ekonomya na lalo pang nagpapalala sa krisis na ibinunga ng ilang dekadang mga patakarang neoliberal.

Nitong mga nagdaang araw, pinahintulutan na ng Malacañang ang pagbubukas ng mga upisina at pabrika, matapos ang mahigit 60-araw na *lockdown*. Nagmamadali na si Duterte na paandarin ang ekonomyang pinatigil niya noong Marso sa harap ng mabilis na pagkasaid ng rekurso ng gubyerno, lumalalang problema ng kagutuman at tumitinding galit ng bayan. Gayunman, bunga ng mga palyadong hakbangin ng gubyernong Duterte, malayung-malayo pa ang Pilipinas sa pagkontrol sa banta ng pandemyang Covid-19. Nangangamba ang marami na hindi makaaagapay ang sistemang pangkalusugan ng bansa kung mabilis na kumalat ang bayrus at sumirit ang bilang ng mga magkakasakit at maoospital.

Matapos ang dalawang buwang walang sahod o kita, sabik na sabik na ring makabalik ang mga manggagawa sa kani-kanilang trabaho. Labis na nalugmok sa hirap at gutom ang masang anakpawis sa ilalim ng *lockdown*. Sanhi ito ng lubhang kulang ang inilaang pondo para sa usad-pagong at napakagulong pamimigay ng ayuda. Subalit sabik man, lubha rin silang nangangamba na oras na magkumpulan silang muli sa mga pabrika o tindahan, mabilis na namang kakalat ang bayrus.

Tahasang isinubo ni Duterte ang mga manggagawa sa panganib nang hindi nito inobliga ang mga kapitalista na isagawa ang pagpapasuri sa mga manggagawa at sinabing ang mga may sintomas lamang ang kailangan ipaeksamen. Pero batay sa datos, mahigit 80% ng nahahawa ng sakit ay wala o halos walang ipinakikitang sintomas. Sinasamantala ng rehimen at ng mga kapitalista ang mga manggagawang desperadong makapaghanapbuhay at sumweldo, kahit pa tiising maglakad ng ilang kilometro sa ilalim ng init ng araw o maipit nang ilang oras sa trapik dahil naglipana ang pahirap na mga tsekpoynt ng mga abusadong pulis at sundalo.

Kamakailan, inamin ng gubyernong Duterte na wala itong balak na magsagawa ng *mass testing*. Kahit sa gitna ng pandemya, patuloy ang patakaran ng hindi pagbibigay ng sapat na pondo para sa kalusugan

at pagpapailalim nito sa kontrol ng mga kapitalista.

Dahil rin sa walang paghahanda, libu-libong nars at duktor at nahawa ng Covid-19 sa mga ospital bunga ng kakulangan ng mga kagamitang pangkaligtasan. Nasa kasagsagan na ng pandemya bago naglaan ng pondo pambili ng mga ito.

Sa kabila ng pagmamalaki na isasagawa ang "test, trace and treat" o "suriin, hanapin at gamutin", wala namang inilaang sapat na pondo ang gubyerno ni Duterte at iniasa sa malalaking kapitalista ang pagbili ng mga kagamitan at pagpondo sa operasyon ng mga laboratoryo. Sa mga kapitalista, maging sa harap ng pandemya, tubo pa rin ang unang kinukwenta.

Sa kalakhan, ang *testing* o pagsusuri ay ginagawa lamang sa mga may sakit na, sa mga nakahalubilo nila, at sa mga umuuwing migranteng Pilipino. Pero sa panahon ng pandemya, kailangan ang *mass testing* (pagsusuri kahit sa walang sintomas at hindi suspetsadong nahawa) bilang pinaka-estratehiya para alamin kung saan kumakalat ang bayrus, upang maihiwalay ang mga nahawa, gamutin ang mga nagkasakit, at bigyang proteksyon ang mga wala pang sakit.

Dahil walang *mass testing* at mababa ang kapasidad sa pagsusuri, bulag pa rin ang gubyerno sa tunay na lagay ng bansa kaugnay ng Covid-19. Ang datos nito'y di kumpleto at di nagpapakita ng aktwal na lala ng pandemya. Hindi nito alam kung gaano pa kadami ang nahawa ng bayrus na walang sintomas at di nadala sa ospital.

Mabuti't may ilang mga lokal na upisyal na gumawa ng hakbang para ipasuri ang kanilang mga residente. Gayunman, kung walang pambansang koordinasyon sa ganitong mga pagsusuri, malilimita lamang sa saklaw ng isang baryo o bayan ang maiipong kaalaman tungkol sa pagkalat ng pandemya, at malamang na masasayang lamang ang ganitong lokal na mga pagsisikap.

Dahil wala talagang alam, dinadaan ni Duterte sa panlilito, pagbibigay ng hungkag na katiyakan, pananakot at pagbabanta ang pagharap sa pandemya. Sa dulo, taumbayan ang sisisihin sa patuloy na pagkalat ng bayrus upang bigyang matwid ang pagpapataw ng bagong paghihigpit sa ngalan ng paglaban sa pandemya.

Atrasado ang kilos at utak ng gubyerno ni Duterte pagdating sa pagharap sa pandemyang Covid-19. Palibhasa, ayaw nitong sagutin ang gastusing kailangang ilaan sa *mass testing* at sa kaakibat na kailangang gawing pagtalunton sa posibleng mga nahawa (*contact-tracing*) at pagbubukod (*isolation*) sa kanila. Ito ay dahil mas gusto nitong atupaging ituloy ang mga inutang na proyektong imprastruktura, ang balak nitong bilhing mga helikopter, kanyon at mga bomba, at siyempre, ang mabubulsa nila sa mga kontrata rito. Hindi nito pinaglaanan ng sapat na kapital ang lokal na talino ng mga siyentista at mananaliksik upang makapagmanupaktura ng sapat na bilang ng mga kagamitan para sa pagsusuri ng bayrus at iba pang kinakailangan sa pagharap sa pandemya.

Mas inaatupag pa ang iskema nitong maitatag ang isang pasistang diktadura. Militar at pulis ang nasa tuktok at unahan ng mga hakbangin ng gubyerno. Mas inuuna nitong supilin ang mga nagrereklamo kaysa lutasin ang reklamo. Ilan nang nagpahayag ng galit at disgusto ("patayin si Duterte") ang inaresto kasabay ng pagpapasara sa ABS-CBN. Namamayagpag ang mga abusadong pulis na buong lupit sa pagparusa sa mga "sumuway." Takot ang pinaiiral para manahimik ang lahat. Kahit ang pamimigay ng ayuda sa ilalim ng "social amelioration program" (SAP) ngayon ay nasa maruming kamay na rin ng AFP, para siguraduhing walang magrereklamo.

Sambayanang Pilipino, hindi dapat pagtiisang pasanin ang palyadong mga hakbang ni Duterte at ang pang-aabuso nila sa kapangyarihan. Dapat panagutin si Duterte at ang kanyang mga upisyal sa labis na pagpapahirap at panunupil sa mamamayan sa ilalim ng *lockdown*. Dapat silang singilin sa kabiguan


ANG Bayan

Tomo LI Blg. 10 | Mayo 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Pasakit at peligrong hatid ng palyadong gubyerno | 1 |
| Mga opensiba sa Bukidnon, Iloilo | 3 |
| 20th IB, hinaras ng BHB | 4 |
| Walang *mass testing* | 4 |
| Piging sa gitna ng *lockdown* | 4 |
| Neoliberal na hakbang, tugon sa pandemya | 5 |
| Ano ang mangyayari sa negosyong Pilipino | 6 |
| Damayan sa gitna ng kagipitan sa Samar | 7 |
| Kumperensya sa edukasyon sa Negros | 7 |
| Duterte, bibili ng P2.4-B mga artileri | 8 |
| Meralco, pinaiimbestigahan | 8 |
| Masaker sa Sorsogon | 9 |
| Balik Probinsya at pangangamkam | 9 |
| Protestang bayan sa kabila ng Covid-19 | 10 |
| Pambobomba sa Surigao del Sur | 10 |
| Apela ng UN, kinatigan ng NDFP | 10 |



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

nilang ipatupad ang kinakailangang hakbanging pangkalusugan upang daigin ng bansa ang pandemya. Hindi dapat manahimik. Bagkus, dapat ipahayag nang buong lakas at ipamalas sa iba't ibang paraan ang galit at protesta sa mga palyado at pahirap na hakbang ni Duterte.

Dapat patuloy na igiit ang pangangailangan para ipatupad ng pambansang gubyerno ang programa sa *mass testing* bilang susing hakbang sa pagharap sa pandemyang Covid-19. Dapat patuloy na itulak ang pagpapalakas ng sistemang pangkalusugan, laluna ang mga pampublikong ospital at mga laboratoryo sa iba't ibang panig ng bansa, pagkuha ng mas maraming nars at manggagawang pangkalusugan at pagtataas ng kanilang sahod. Dapat ipaglaban ang kinakailangang subsidyo para sa pagkain, gamot at atensyong medikal para mapangalagaan ang kalusugan ng mga matatanda na silang bulnerable sa Covid-19.

Dapat singilin ang rehimeng Duterte sa lubhang kulang at makupad na pagbibigay ng ayuda sa ilalim ng dalawang buwan nang *lockdown*. Dapat ilantad at batikusin kung papaanong sinasamantala ng mga burges-kumprador na kasosyo ni Duterte ang pandemya upang kumita ng tubo at makalusot sa buwis sa ngalan ng pagtulong at donasyon.

Dapat igiit ng mga manggagawa ang mga hakbanging pangkaligtasan sa mga pabrika at upisina. Dapat igiit ang nararapat na dagdag na sahod, ang pambansang pamantayan sa minimum na sahod at dagdag na kabayaran sa peligro sa pagtatrabaho sa panahon ng pandemya. Gayundin, dapat nilang ipaglaban ang kanilang karapatan sa permanenteng trabaho, sa pag-uunyon at kolektibong pakikipagtawaran. Sa harap ng krisis na dulot ng nagtagal na *lockdown*, maaaring makipagkaisa ang maliliit na kapitalista sa mga manggagawa para itulak ang gubyerno na maglaan ng pangkagipitang pondo para maibigay ang umento sa sahod.

Dapat itulak ang tunay na reporma sa lupa bilang tanging paraan para buhayin ang ekonomya sa kanayunan. Batikusin ang malawak na pagpapalit-gamit ng lupa para sa mga proyektong imprastruktura at turismo, plantasyon at minahan, at pagtutulak ng pagtatanim ng komersyal na kahoy at prutas. Dapat isakatuparan ang libreng pamamahagi ng lupa at pagbigay ng suporta para sa produksyon ng pagkain at pagtatayo ng lokal na mga industriya para sa pagpuproseso ng mga produktong agrikultural.

Dapat labanan ang itinutulak na lalong pahirap na mga hakbang kabilang ang planong dagdag na mga buwis bilang pambayad sa halos $4 na bilyong dagdag na inutang ng gubyerno. Dapat ilantad at batikusin ang planong "imprastruktura" na ibayong maglulubog sa Pilipinas sa utang at krisis, laluna ang mga proyektong yumuyurak sa karapatan ng mamamayan at sumisira sa kalikasan.

Dahil sa krisis bunga ng Covid-19, lumitaw ang nagnanaknak na kabulukan ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Nalantad ang labis na pagsalalay ng bansa sa pag-aangkat ng mga materyales at kagamitan. Nalantad sa kabuuan ang ekonomyang sadlak sa krisis at di produktibo.

Dahil sa pasakit at pahirap sa ilalim ng palyadong mga hakbang ng gubyernong Duterte, marapat lamang na kumilos ang sambayanang Pilipino na hingin ang pagbibitiw ni Duterte o pagpapatalsik sa kanya at sa kanyang buong palpak na gubyerno. Ito na ang pinakaepektibong paraan upang labanan at harapin ng sambayanang Pilipino ang pandemyang Covid-19. AB

# Mga abusadong sundalo, sinalakay sa mga opensiba ng BHB-Bukidnon

Sunud-sunod na aksyong militar ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bukidnon laban sa mga abusadong sundalo sa prubinsya noong Mayo 5-14. Apat na pasistang sundalo ang patay, at dalawa ang sugatan.

Inisnayp ng BHB-Bukidnon noong Mayo 11 ang mga tauhan ng 60th IB at 56th IB sa Sityo Tapayanon, Barangay Mandahikan, Cabanglasan. Labis nang pahirap at mga abuso ang dinaranas ng masa dahil sa matagal nang presensya ng mga sundalo sa kanilang lugar. Dalawang sundalo ang napatay.

Isang araw bago nito, inisnayp ng isa pang yunit ng BHB ang detatsment ng 8th IB sa Sityo Miaray, Barangay Mandahikan. Dalawang sundalo ang napatay at dalawa ang sugatan.

Samantala sa dalawang magkahiwalay na insidente, inambus ng BHB ang mga ahente sa paniktik ng 8th IB. Tinambangan sa Barangay Busdi, Malaybalay City noong Mayo 10 ang isang elemento ng CAFGU na nagsilbing giya sa mga operasyong kombat ng 8th IB.

Noong Mayo 13, pinaslang ang isa pang ahenteng paniktik sa Barangay Indalasa, Cabanglasan. Susi ang ahenteng ito sa sapilitang "pagpapasuko" sa mga kasapi ng tribung Talaandig at pagpaslang sa dalawang magsasakang kasapi ng organisasyong Ogyon sa Cabanglasan.

Iniulat din ng BHB-Bukidnon ang pagpapaputok nito sa isang detatsment ng CAA sa Barangay Bolunay, Impasug-ong noong Mayo 14. Ang naturang detatsment ay pinaputukan din noong Mayo 5.

Sa isla naman ng Panay, nagsagawa ng mga operasyong haras ang mga yunit ng BHB. Pinaputukan noong Mayo 12 ang detatsment ng militar sa Barangay Anhawan, Janiuay sa Iloilo at ang bagong tayong detatsment ng CAFGU sa Barangay Barasan, Igbaras sa parehong prubinsya noong Mayo 3. AB

## Kung walang *mass testing*, hindi madadaig ang Covid-19

Mula't sapul, itinulak ng World Health Organization (WHO) ang malaganap na pagsusuri bilang susi sa paggapi sa Covid-19. Anang mga upisyal nito, "hindi pwedeng labanan ang apoy na nakapiring ang mata." Kailangang gamitin ang *mass testing* sa mabilis na paraan upang hanapin kung saan lumilitaw ang bayrus para agad na maapula ang paglaganap nito. Hanggang walang bakuna, ito ang estratehiyang mas pinapaburan ng WHO kaysa "physical distancing" o paghihiwa-hiwalay ng tao sa isa't isa na nagbubunsod ng karagdagang problema sa ekonomya at kalusugan.

Kaya naman ang laking galit ng taumbayan nang aminin ng Malacañang na walang plano ang gubyernong Duterte na isagawa ang *mass testing*. Kinutya pa ng Malacañang ang *mass testing* na "maling termino" dahil imposible diumanong suriin ang lahat ng tao. Winasak lamang ni Duterte ang ekonomya at isinadlak ang mayorya sa gutom at hirap sa mahigit dalawang buwang *lockdown*, nang wala naman palang gagawing pagsisikap na palakasin ang kakayahan ng gubyerno sa malawakang pagsusuri.

Ang target noong Abril 30 na 8,000 *test* kada araw ay naabot nito na lamang kalagitnaan ng Mayo. Gagawin daw itong 30,000 bago magtapos ang Mayo, pero sa huling datos ng DOH nitong Mayo 17, wala pa ito sa 10,000 kada araw. Mayroon pa lamang 30 laboratoryo. Nabibilaukan ang mga ito sa dami ng kailangang suriin. Dahil sa bagal, natengga nang halos isang buwan ang mahigit 25,000 migranteng Pilipino sa Manila Bay na naghihintay ng resulta ng kanilang mga *test*.

Sa kabuuan, 170,072 na indibidwal pa lamang ang nasuri, o 0.15% ng populasyon ng Pilipinas (o 1,546 kada milyon) noong Mayo 17. Malayo pa ito sa rekomendasyon na maisailalim sa *testing* ang minimum na 2% ng populasyon. Mababa pa ito kumpara sa 2,681 *test* kada milyon sa Vietnam at sa 14,691 kada milyon ng South Korea.

Sa kaso ng Pilipinas, dapat umabot sa 2.2 milyong indibidwal ang masuri sa loob ng maiksing panahon. Pero kahit maabot ang target sa katapusan ng Mayo, aabutin pa rin ng mahigit 70 araw bago ito magawa. Kung ganito kabagal, hindi pa rin mahahabol ang bilis ng paglaganap ng bayrus.

### Piging at byahe ng mga nasa poder, tuloy kahit may *lockdown*

INULAN NG BATIKOS ang piging ng mga pulis ng National Capital Region para sa kaarawan ng kanilang hepe na si Debold Sinas noong Mayo 8. Gayundin ang sinapit ni Rodrigo Duterte mismo, nang bumyahe siya pauwing Davao City noong Mayo 16. Ito ay sa kabila ng pagbabawal sa byaheng panghimpapawid at paglabas ng mga indibidwal sa mga lugar na nakapailalim sa "enhanced community quarantine."

Sampal sa mukha sa milyun-milyong nagugutom at pinagbawalang makipagsalamuha ang lantarang paglabag ng mga pulis at ni Duterte mismo sa mga batas ng *lockdown*. Naganap ang mga paglabag na ito sa gitna ng pagkulong ng milyong mamamayan sa Metro Manila sa ngalan ng pag-apula sa sakit. Wala ring tigil ang brutalidad ng mga pulis sa ordinaryong mamamayang nahuhuli nilang may mga pagkakamali. Pinakahuli dito ang ang pambubugbog ng dalawang pulis sa manggagawang si Ronald Campo sa General Trias, Cavite noong Mayo 12. Kinailangang dalhin sa ospital si Campo sa tindi ng tinamo niyang bugbog.

### Perwisyong 20th IB, pinaputukan ng BHB-Northern Samar

TATLONG ULIT NA pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) and mga sundalo ng 20th IB na walang katapusang perwisyo ang hatid sa Barangay San Miguel, Las Navas.

Isang sundalo ang napatay sa pag-isnayp ng mga Pulang mandirigma sa kanilang pansamantalang kampo noong Mayo 9. Bilang ganti, pinaputukan ng mga sundalo ang dalawang bahay ng mga magsasaka sa Zone 7 ng nasabing barangay. Dahil dito, lumikas ang mga residente ng nasabing purok. Kinagabihan, muling hinaras ng BHB-Northern Samar ang mga sundalo.

Isang araw bago nito, hinaras ng mga Pulang mandirigma at milisyang bayan ang kampo ng mga sundalo na ilang metro lamang ang layo sa eskwelahan. Dalawang sundalo ang malubhang nasugatan.

Mula pa Marso 9 nagsasagawa ng operasyong Retooled Community Support Program (RCSP) ang 20th IB sa San Miguel gayundin sa mga kalapit nitong baryo ng Perez, Quirino at San Francisco. Hindi ito umalis kahit noong nagpatupad ng tigil-putukan ang rehimeng Duterte. Tuluy-tuloy rin ang pananakot at sapilitang pagpapasuko ng mga sundalo sa mga residente at upisyal ng barangay. Labas-masok sila sa mga baryo at lumalapit sa mga residente nang walang ginagawang pag-iingat laban sa pagkalat ng Covid-19 gaya ng pagsuot ng *face mask* o pagmamantine ng distansya. Nangunguna pa sila sa mga pagtitipon gaya ng pagsasabong.



# Mga neoliberal na hakbang, inilulusot bilang tugon sa pandemya

Isinasangkalan ng rehimeng Duterte ang pandemyang Covid-19 para ilusot ang neoliberal na mga hakbang na matagal na nitong gustong iratsada. Muli nitong ipinakete ang naturang mga hakbang sa PH-Progreso (Philippine Program for Recovery with Equity and Solidarity), isang panukalang naglalayong pasikarin ang ekonomya mula sa pagkalugmok na dulot ng *lockdown*. Pangunahing laman nito ang dating mga pakana tulad ng pagpapababa sa buwis ng mga korporasyon at mga proyektong imprastruktura sa ilalim ng programang Build, Build, Build (BBB).

Bago pa humambalos ang pandemyang Covid-19, tatlong taon nang bumabagal ang paglago ng ekonomya ng Pilipinas. Tuluyan itong bumulusok bunsod ng *lockdown* at pagpapatigil ng malaking bahagi ng produksyon at serbisyo. Sa Metro Manila pa lamang, 53% ng sektor ng serbisyo ang nagsara dahil sa *lockdown*. Nasa 73% naman ng mga operasyon sa pagmamanupaktura ang tumigil sa pambansang kabisera, Calabarzon at Central Luzon. Tirik ang sektor ng kalakalang import-eksport at lahat ng moda ng transportasyon. Dahil dito, nasa 23.7 milyong manggagawa ang nanganganib na mawalan ng trabaho. Mahigit 400,000 maliliit at katamtamang-laking negosyo naman ang nawalan na ng kita at posibleng tuluyan nang magsara. Inamin na ng mga upisyal sa ekonomya ng rehimen na kumitid na nang 0.2% ang lokal na ekonomya sa unang kwarto ng 2020. Pinakamalala ang pagkitid na ito sa loob ng higit dalawang dekada.

Bilang tugon, inanunsyo ng mga upisyal sa ekonomya ng rehimen na sinanay ng World Bank ang panukalang PH-Progreso noong Mayo 14. May kaakibat nang mga panukala na nakahapag sa Kongreso.

### Pinababang buwis para sa malalaking kapitalista

Ipinararatsada ng PH-Progreso ang pagpapababa ng buwis ng mga korporasyon bilang insentiba sa mga dayuhang kapitalista na inaasahan nitong mamuhunan sa mga programa ng gubyerno. Dati na itong panukala, sa anyo ng panukalang Tax Reform for Attracting Better and Higher Quality Opportunities (Trabaho), na kalauna'y naging Corporate Income Tax and Incentives Rationalization Act (CITIRA) na nakabimbin ngayon sa Senado. Ang CITIRA ang pangalawang pakete ng reporma sa buwis na matagal nang itinutulak ng mga dayuhang negosyo, partikular ng mga kumpanyang US.

Sa bagong panukala na tinawag na Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises o Create, ibababa ang buwis ng mga korporasyon mula 30% tungong 25%. Magkakaroon ng kapangyarihan ang presidente na magbigay ng dagdag na mga insentiba at eksempsyon sa pagbubuwis sa malalaking kumpanya. Hinahabol itong maipasa bago magsara ang sesyon ng Kongreso ngayong Hunyo 5 dahil target itong ipatupad sa Hulyo.

Sa konserbatibong taya ng National Economic Development Authority, umaabot sa P259 bilyon ang mawawala sa estado mula ngayong taon hanggang 2022 kung ipatutupad ang nasabing kaltas. Pangunahing makikinabang dito ang mga mga mutinasyunal at kumpanya ng mga burges-kumprador na kumikita ng bilyun-bilyon sa kani-kanilang mga operasyon sa bansa.

Kaugnay nito, inutusan ni Duterte ang Bureau of Internal Revenue na maglabas ng kautusan para bigyan ng eksempsyon ang malalaking kumpanyang tumugon sa kanyang panawagang maglabas ng pondo sa gitna ng pandemya. Alinsunod sa kautusan na inilabas noong Abril 6, ibabawas sa buwis ng mga korporasyon ang kabuuang halaga ng kanilang mga donasyong pinansyal at materyal. Habang binabawasan ang buwis ng mayayaman, dinadagdagan naman nito ang buwis sa mahihirap. Gamit ang *emergency powers*, iniutos ni Duterte ang pagpataw ng dagdag na 10% buwis sa pag-aangkat ng krudong langis at produktong petrolyo. Magpapasirit ito sa presyo ng mga produktong petrolyo na iindahin ng mamamayan sa susunod na mga buwan.

### Trilyong pondo para sa BBB

Para bigyan ng tulak ang makupad na implementasyon ng programang BBB, ipinakete ng PH-Progreso ang mga proyektong imprastruktura bilang estratehiya umano para lumikha ng bagong trabaho na tutugon sa malawakang disempleyo. Alinsunod dito, inihapag ng mga alipures ni Duterte sa Kongreso ang naturang programa bilang panukalang Covid-19 Unemployment Reduction Economic Stimulus (CURES).

Sa gayon, matitiyak ng rehimen na hindi magagalaw ang dati nang nakalaang halos P1 trilyong pondo para sa BBB at madadagdagan pa ito ng P500 bilyon mula sa utang at pondong malilikom ng Bangko Sentral. Ang kabuuang P1.5 trilyong pondo ay paghahati-hatian ni Duterte at mga kongresista at ilalabas sa tatlong bahagi (P500 bilyon kada taon) mula 2021 hanggang 2023.

Hindi lilikha ng makabuluhan at matagalang empleyo ang BBB. Sa nakaraan, ang mga trabahong ipinagmamalaking nalikha nito ay sangkapat lamang ng kabuuang bilang ng trabaho sa sektor ng konstruksyon. Palagiang pinag-aagawan ang pondong pang-imprastruktura dahil dito nanggagaling ang bulto ng nakukurakot ng mga upisyal ng gubyerno. Kahit sa gitna ng pandemya at matinding pagdurusa ng mamamayan, prayoridad pa rin ng mga naghahari ang pagkopo ng pondo para sa sariling kapakinabangan. AB


# Ano ang mangyayari sa mga negosyong Pilipino?

May-ari ng isang *internet shop* si Nel sa Metro Manila. Mayroon siyang 10 kompyuter sa kanyang garahe na pinauupahan niya sa mga manlalaro mula alas-8 ng umaga hanggang alas-10 ng gabi. Nagbabayad ang kanyang mga kostumer ng piso kada apat na minuto o P15/oras ng paglalaro. Ayon kay Nel, kaya niyang kumita ng P1,300-P1,500/araw at P20,000 hanggang P25,000 kada buwan, matapos ibawas ang bayad sa kuryente na umaabot ng P12,000 at bayad sa *internet* na P3,000.

Nang ipatupad ang *lockdown*, napilitan siyang isara ang *shop* dahil hindi itinuturing na "esensyal" ang mga palaruan. Nawalan siya ng kita dahil nakaasa lamang siya sa bayad ng mga manlalaro. Pero kahit tirik ang kanyang negosyo, kailangan pa rin niyang magbayad ng kuryente at *internet.* Dahil nagtagal ang *lockdown*, naubos ang maliit niyang impok sa araw-araw na pangangailangan ng kanyang pamilya. Dahil hindi siya kabilang sa "pinakamahirap sa naghihirap," hindi sila saklaw ng ayudang pagkain at subsidyo ng estado.

Katulad ng *shop* ni Nel, daan-daan libong tindahan, talyer, karinderya, parlor, barberya at iba pang maliliit na negosyo ang nagsara sa panahon ng *lockdown.* Gayundin, libu-libong propesyunal tulad ng mga konsultant, abugado at musikero at iba pang "self-employed" ang nawalan ng kita. Sadya namang nakasara ang maliliit na *hotel* at *resort,* restoran at kainan na dinadayo ng mga lokal at dayuhang turista.

Sa datos ng reaksyunaryong gubyerno, mayroong 998,342 maliliit at katamtamang-laking negosyo sa Pilipinas noong 2018. Binubuo ng mga ito ang 99.5% ng kabuuang mga establisimyento sa bansa. Pinakamarami rito (90%) ay *micro* o mga negosyong may siyam-pababa lamang na manggagawa at hanggang P3 milyon ang kapital. Halos kalahati ng mga negosyong *micro* (427,101) ay nasa subsektor ng pagbebentang *wholesale* at pagtitingi ng mga produktong pangkonsumo; at pagkukumpuni ng mga sasakyan at motorsiklo, mga gamit na personal at pambahay. Kasunod na pinakamarami ang subsektor ng paupahan o akomodasyon at mga kainan at restoran (125,396); at subsektor ng pagmamanupaktura (103,590). Kalakhan ng maliliit na pagmamanupaktura ay may kaugnayan sa pagkain tulad ng mga panaderya. Ang mga negosyong ito ay buo o mayoryang pagmamay-ari ng mga Pilipino. Madalas, magkakapamilya ang nagpapatakbo at nagtatrabaho sa mga ito. Pinaka-apektado ang mga negosyo sa Luzon na bumubuo sa dalawangkatlo ng lahat ng *micro, small, medium enterprises* (MSME o mga negosyong *micro*, maliit o katamtamang-laki) at nag-eempleyo ng 3.8 milyong manggagawa.




Naglabas ng ayuda ang rehimeng Duterte para sa maliliit na negosyo pero ito ay sa anyo ng pautang. Magpapautang ang Department of Trade and Industry ng P200,000 hanggang P500,000 pero mga negosyong rehistrado lamang ang kwalipikado. Tinataya ng mga negosyante na mauubos ang halagang ito sa bayad pa lamang sa upa, kuryente at tubig, utang na di nabayaran sa panahon ng *lockdown*, at sa mga suplayer ng mga materyal na hindi na napakinabangan.

Sa dalawang buwang *lockdown*, naubos ang mga pondong pangkagipitan ng maliliit at katamtamang-laking negosyo sa pagpapasahod sa kanilang mga manggagawa. Kulang at makupad ang distribusyon ng ipinangako ng rehimen na P5,000 hanggang P8,000 kumpensasyon sa sahod. Noong Abril, nasa 120,000 aplikasyon lamang ang inaprubahan ng Department of Labor and Employment. Tumigil nang mamahagi ang ahensya nang maubusan ito ng pondo.

Sa buong bansa, nakaambang malugi o mawalan ng kita at trabaho ang 27.3 milyong katao. Ang 11.5 milyon sa kanila ay ang *self-employed* o may sariling negosyo, 5.7 milyon ang nasa "impormal" na sektor at 10.1 milyon ay di regular ang sahod at sweldo.

Sa taya ng mga ahensya ng gubyerno, mayroon nang 436,000 negosyong nagsara dahil sa *lockdown.* Nasa 117,000 lamang na maliit at malaking negosyong "esensyal" ang pinayagang manatiling bukas.

Para pigilan ang tuluyang pagsasara ng maliliit at katamtamang-laking negosyo, kailangang magbuhos ang estado ng P79 bilyong subsidyo kada buwan. Kabilang dito ang P53.5 bilyong kumpensasyon para sa 10.7 milyong manggagawa at P26 bilyon para sa mga nagnenegosyo sa "impormal" na sektor. Kailangang magkaroon ng kontrol sa presyo ng mga pangunahing bilihin. Kailangang ipagpaliban ang pagbabayad ng mga utang, upa at yutilidad. Kailangang tiyakin ang daloy ng kinakailangan nilang suplay. Kailangang maagap na nabibili sa angkop na halaga ang mga produktong agrikultural mula sa mga sakahan. Dapat wala munang interes ang mga pautang. Higit sa lahat, kailangang matiyak ang kalusugan ng lahat ng bumabalik sa trabaho lalupa't nananatili ang banta ng Covid-19. AB

# Damayan sa gitna ng kagipitan sa Samar

Sama-samang hinarap ng mga magsasaka ng Northern Samar ang suliraning idinulot ng limitado at kulang na ayudang pinansyal ng rehimeng Duterte para sa mga apektado ng krisis ng Covid-19. Sa pamamagitan ng kanilang rebolusyonaryong organisasyong masa, tiniyak nilang nabigyan ng ayuda ang lahat ng pamilya sa mga barangay ng Ipil-ipil at Langka (di tunay na pangalan).

Sa Barangay Ipil-ipil, 38 lang sa 64 pamilya ang nasa listahan ng makatatanggap ng P5,000 hanggang P8,000 na ayuda sa ilalim ng Social Amelioration Program (SAP). Tulad ng ibang mga barangay, napilitan ang mga lokal na upisyal na magpataw ng kota.

Napagkaisahan ng organisasyon ng mga magsasaka sa Barangay Ipil-ipil na dapat mabigyan ang lahat ng pamilya ng ayudang pinansyal, nasa listahan man sila o wala. Para magawa ito, tinipon ng mga benepisyaryo ang perang natanggap at hinati sa lahat ng pamilya sa baryo. Sa P190,000 na natipon ng organisasyon, nakatanggap ang lahat ng pamilya ng P2,368 kada isa. Isinama nila sa pondo ang P68 na ibinigay ng barangay kapitan para sa pamasahe papuntang bayan upang mamili ng mga gamit at pangangailangan ng taumbaryo.

Sa Barangay Langka, 12 pamilya ang hindi kasama sa "kota" ng gubyerno. Sa pamamagitan ng paggabay at pagpapaliwanag ng organisasyon, nagdesisyon ang mga benepisyaryo na mag-ambag ng tig-P600 kada pamilya para ipamahagi sa walang natanggap.

Sa Barangay Ipil-ipil, tinipon ng organisasyon ang mga residente at ipinaliwanag kung bakit kailangang tulungan ang mga kapitbahay na hindi nakatanggap ng ayuda. Tinulungan ng organisasyon ang mga upisyal ng barangay sa pangangasiwa ng pondo upang maiwasan ang korapsyon. Sinubaybayan ng mga kasapi ng sangay ng Partido ang pagbubuo ng organisasyon ng desisyon. Tumulong din ang lokal na yunit ng BHB sa pagbuo ng pagkakaisa ng taumbaryo.

Tiniyak ng mga organisasyon na lihim ang isinagawang pagtitipon at pamamahagi ng ayuda upang hindi malaman ng munisipal na gubyerno. Pinagbawalan ng rehimen ang mga lokal na upisyal na mag-inisyatiba at baguhin ang mga panuntunan nito sa pamamahagi ng ayuda kahit pa para ito sa kabutihan ng mamamayan.

Sinusubukan na ng mga organisasyon sa ibang baryo na gayahin ang organisadong pamamahagi ng nakuhang ayuda sa nabanggit na mga barangay. Samantala, naghahanda na ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa Barangay Ipil-ipil na pangunahan ang iba pang gawaing kontra sa Covid-19, gaya ng kampanya sa produksyon at pagtatanim ng mga halamang gamot. (*Mula sa* Larab, *Mayo 9, 2020.*) AB



### Kumperensya sa edukasyon, inilunsad sa Negros

TATLUMPUNG KADRE SA edukasyon mula sa mga larangang gerilya, organong istap at lihim na organisasyong masa ang dumalo sa unang panrehiyong kumperensya sa edukasyon ng Negros. Nagtipon sila noong unang kwarto ng taon sa isang larangang gerilya.

Inalam at tinasa sa kumperensya ang mga karanasan sa pagpapatupad ng programa sa edukasyong pampartido noong nagdaang mga taon. Binigyan-diin nito ang pagtatayo ng mga Pulang Paaralan sa iba't ibang antas bilang makinarya sa pagsusulong ng mga gawain sa edukasyon.

Ipinaliwanag sa bawat kadre sa edukasyon ang pangangailangan para sa isang "pursigido, sistematiko at malawakang paglulunsad ng mga pag-aaral sa tatlong-antas na kurso ng Partido...[at] kurso at aralin sa kurikulum ng Pambansa Demokratikong Paaralan."

Determinado ang kumperensya na isulong ang gawaing edukasyon pagkatapos ng ibayong pagkakaisa na nabuo sa pagpupulong. Katuwang ng kumperensya ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan na nagtiyak sa kaligtasan ng pagtitipon sa harap ng walang-tigil na mga operasyong kombat ng mga sundalo sa isla. (*Mula sa* Ang Paghimakas, *Mayo 2020.*) AB

# P2.4-B mga artileri, bibilhin sa gitna ng krisis

Nagpabatid noong Mayo 12 ang rehimeng Duterte na bibili ito ng dalawang sistema ng artileri na nagkakahalaga ng P2.4 bilyon mula sa kumpanyang Israeli na Elbit Systems sa kabila ng patuloy na pananalasa ng krisis ng Covid-19 sa kabuhayan ng mamamayan.

Laman ng kontrata ang pagbili sa dalawang ATMOS 2000 155mm/52 Caliber Self-propelled Howitzer System, na may dalawang bateri at tig-anim na *mobile firing unit*, at iba pang mga kaakibat na mga pansuportang kagamitan.

Ang naturang kanyon ay may maksimum na abot na 41 kilometro at kayang magpaputok ng 3 bomba kada 15 segundo sa *burst mode*, 5 bomba kada minuto sa *rapid mode*, at mahigit 80 bomba kada oras sa *sustained mode.*

Ang kontrata ay nakapailalim sa AFP Modernization Program na naglalayong palakasin ang arsenal ni Duterte para tupdin ang kanyang ambisyong durugin ang armadong rebolusyonaryong kilusan bago magtapos ang kanyang termino.


Ang paggamit sa napakalalaking kanyon at mga pandigmang helikopter ay nagreresulta sa walang patumanggang pangwawasak sa mga komunidad at kalikasan, nagsasapanganib sa buhay ng mamamayan at kanilang kabuhayan, at nagdudulot ng matinding troma, laluna sa mga bata.

Nakatakdang dumating sa bansa ang isang artileri sa 2021.

Kaugnay nito, inaprubahan ng Defense Security Cooperation Agency (DSCA) ng US Department of State noong Abril 30 ang rekwes ng rehimeng Duterte na bumili ng anim na AH-64E Apache Attack Helicopter kalakip ang iba pang mga kagamitang pandigma at serbisyo na nagkakahalaga ng P75 bilyon sa kabuuan.

Umalma si Defense Sec. Delfin Lorenzana sa presyo ng mga helikopter at sinabing hindi ito kaya ng rehimen. Gayunpaman, hindi niya itinanggi ang pagbili sa libu-libong misayl, armas at iba pang kagamitang pandigma na bahagi rin ng kontratang pinirmahan nito. Mas pabor lamang siya na bumili ng mas murang mga helikopter mula sa Turkey.

Nabanggit ni Philippine Ambassador to Washington na si Jose Romualdez sa isang panayam noong Mayo 13 na nakatakda nang ipadala ng US ang mga UH-60 Black Hawk Helicopter na binili ng rehimen noong nakaraang taon. Pinirmahan ang kontrata para sa pagbili ng 16 helikopter noong Marso 2019 sa halagang P1.21 bilyon. Binili ang mga ito mula sa PZL Mielec na subsidyaryo ng Lockheed Martin, isa sa pinakadambuhalang kumpanya sa depensa na bumubuo sa *military-industrial complex* ng US. Samantala, parating na rin sa Pilipinas sa Mayo 23 ang bagong barkong pandigma ng Philippine Navy na BRP Jose Rizal, na pinagawa ng rehimen sa Hyundai South Korea kasama ang BRP Antonio Luna sa halagang P18 bilyon. AB




## Meralco, pinaiimbestigahan ng Bayan Muna

PINAIIMBESTIGAHAN NG Bayan Muna ang Manila Electric Company (Meralco) matapos lumaganap ang mga reklamo ng mga residente sa Metro Manila sa sobrang laki ng kanilang mga bayarin para sa nakaraang dalawang buwan.

Dahil suspendido ang pagbasa sa mga metro ng kuryente mula pa Marso, ibinatay ng Meralco ang singil nito sa abereyds na konsumo ng mga konsyumer mula Disyembre 2019 hanggang Pebrero 2020. Sa aktwal, hindi ito sinusunod ng Meralco. Halimbawa ng paglobo ang bayarin ng isang konsyumer na lumaki mula P2,672 noong Marso tungong P9,358.52 para sa buwan ng Mayo.

Ayon sa Bayan Muna, kitang-kita ang pagsasamantala ng Meralco sa pandemya para magkamal ng dambuhalang tubo kahit pa magdulot ito ng pagdurusa sa mga konsyumer. Kaugnay nito, ipinanawagan ng grupo ang pagbasura sa Electric Power Industry Reform Act na ginagamit ng Meralco para monopolisahin ang industriya ng kuryente at patuloy na magpataw ng dagdag na singil sa mga konsyumer. Pinakahuli rito ang dagdag singil na P0.105/*kilowatt hour* na ipinataw noong Abril. AB


## 5 magsasaka sa Sorsogon, minasaker ng 31st IB, 9th SAF

Limang magsasaka ang minasaker ng mga sundalo at pulis sa estilong SEMPO (Synchronized Enhanced Management of Police Operations) sa Barangay Dolos, Bulan, Sorsogon noong Mayo 8. Ang mga biktima ay sina Jeric Vuno, Jerry Palanca, Robert Villafuerte, Raymundo Tañada at Jaime Tañada. Si Jaime Tañada ay may edad na habang si Villafuerte ay may sakit sa pag-iisip.

Pinalabas ng mga salarin na mga Pulang mandirigma ang mga magsasaka. Pero pinasinungalingan ito ng mga residente. Ayon sa mga nakasaksi, pwersahang pinasok ng mga sundalo ang pitong bahay sa baryo, dinakip at iginapos ang mga nakatirang lalaki rito. Binugbog ng mga sundalo ang mga upisyal ng barangay na nagtangkang sumaklolo.

Dinala ng mga sundalo ang limang biktima sa likod ng mga bahay at doon binaril. Bakas sa mga katawan ng biktima ang mga palatandaan ng tortyur. Mga elemento ng 31st IB, 9th Special Action Force Battalion, Provincial Mobile Force Company ng PNP Sorsogon at mga yunit sa paniktik ang nagsagawa ng operasyon.

Kasabay na sinalakay ng mga yunit na ito ang katabing barangay ng Calpi. Hinalughog ang mga bahay ng mga pamilyang Abuyog, Golimlim at Estiller. Binugbog sina Jeffrey Godala at Jojo Palanca, at dalawang menor de edad na Estiller. Ninakaw din ng mga sundalo't pulis ang pera, mga selpon at iba pang kagamitan ng mga residente.



Ang estilong SEMPO ay unang ginawa sa Negros noong 2018-2019. Hindi bababa sa 35 magsasaka ang pinatay nito. Ang mga operasyon ay pinangunahan noon ni Police MGen. Debold Sinas, ang kasalukuyang hepe ng pulis ng Metro Manila.

Sa Batangas, estilong SEMPO rin ang ginawa sa iligal na pag-aresto sa anim na residente ng Barangay Coral ni Lopez, Calaca noong madaling araw ng Mayo 10. Ang mga biktima ay mga lider-magsasaka na sina Leovino Julongbayan, Virgilio Vidal, Marcelo Vidal, Doroteo Bautista, July Julongbayan at Roilan Tenorio.

Samantala, inaresto naman sa Quezon Province noong Mayo 4 ang magsasakang si Leoben Holeto. Katatapos lamang sumailalim sa medikal na operasyon at pauwi noon si Holeto kasama ng kanyang ina nang harangin sila ng mga elemento ng 85th IB. AB

## Pang-aagaw ng lupa, nasa ubod ng Balik Probinsya

Pang-aagaw ng lupa sa kalunsuran at kanayunan ang nasa ubod ng programang Balik Probinsya ng rehimeng Duterte. Inilalako ni Rodrigo Duterte at kanyang alipures na si Christopher Go ang programa bilang solusyon sa pagsisiksikan sa Metro Manila sa panahong nananalasa ang pandemyang Covid-19. Pero hindi bago o orihinal ang programang ito.

Bawat gubyerno mula kay Marcos hanggang kay Benigno Aquino ay may kani-kanyang programang "balik prubinsya." Ilang dekada nang tinatangka ng reaksyunaryong estado na itaboy ang maralita sa mga primera klaseng lupa sa Metro Manila para ibigay ang kanilang pwesto sa mga burgesya-kumprador at kanilang dayuhang mga kasosyo.

Sa ilalim ng Balik Probinsya ni Duterte, ang ibibigay sa mga maralita sa mga prubinsya ay mga lupang okupado na ng mga setler at katutubo. Kabilang dito ang ibibigay sa kada pamilyang magbabalik prubinsya na 15-ektaryang pampublikong lupa para tamnan ng mga puno sa ilalim ng National Greening Program. Saklaw ng programang ito ang mga sakahan ng mga setler at lupang ninuno ng pambansang minorya na tinarget sa pagpapalawak ng mga plantasyon ng komersyal na kahoy.

Imbes na Balik Probinsya, hinihingi ng mga maralitang lungsod ang mabilis na pagtatayo ng mura at disenteng pabahay para sa masa bilang solusyon sa pagsisiksikan sa Kamaynilaan at iba pang sentrong lungsod. Dapat tugunan nito ang hinaing ng mga maralita para sa trabaho, dagdag na sahod at kita, at mga serbisyong sosyal, imbes na itapon sila sa kanayunan kung saan mas mataas pa ang tantos ng kahirapan at wala rin silang mahahanap na trabaho.

Upang solusyunan ang pagdagsa ng mga tao sa mga lunsod, kailangang paunlarin ang ekonomya sa kanayunan sa pamamagitan ng libreng pamamahagi ng lupa at pagtatayo ng mga industriya sa mga prubinsya na nakaugnay sa produksyong agrikultural. AB

# Mga protestang bayan sa gitna ng mga *lockdown*




Hindi napigilan ng mga *lockdown* ang mga kilos protesta ng mga mamamayan sa iba't ibang bansa para kundenahin ang mga paglabag sa karapatang-tao, tumitinding kagutuman at kawalan ng kabuhayan sa gitna ng pananalasa ng pandemyang Covid-19.

Sa Lebanon, libu-libong mamamayan ang nagmartsa sa lansangan noong Abril 27 para tuligsain ang pagbagsak ng ekonomya at kakulangan ng ayuda sa panahon ng pandemya. Anila, kung hindi sila mamamatay sa sakit, mamamatay sila sa gutom dahil sa kapabayaan ng gubyerno.

Dalawang libo naman ang tumayo nang may dalawang metrong pagitan sa Israel noong Abril 19 para batikusin ang mga anti-demokratikong hakbang ng rehimeng Netanyahu. Kabilang dito ang pagbabawal sa anumang pagtitipon at pagpapahintulot sa sarbeylans sa mga indibidwal.

Sa Latin America, lumaganap ang iba't ibang protesta sa pinakamahihirap na komunidad na naggigiit ng sapat na ayuda. Lumabas sa kanilang mga komunidad ang maralita sa Chile. Sa El Salvador, naging malawakan ang mga *noise barrage.* Sa Colombia, nagtipon ang mga maralitang nawalan ng hanapbuhay sa kani-kanilang mga komunidad. Tuluy-tuloy ang kanilang pagkilos na pinamumunuan ng mga mala-proletaryado mula pa Marso.

Sa France, bumuo ng *human chain* ang may 250 katao noong Mayo 11 sa isang komunidad ng mga manggagawa sa Paris. Binatikos nila ang *lockdown* at ang idinudulot nitong karahasan at di pagkakapantay-pantay.

Kinundena naman ng mga manggagawang pangkalusugan sa Belgium ang kainutilan ng kanilang gubyerno sa pagtugon sa krisis ng Covid-19. Noong Mayo 16, tumalikod sila nang bumisita ang punong ministro ng bansa sa isang ospital. Binatikos nila ang pagkaltas sa badyet pangkalusugan at mababang pasahod sa sektor ng kalusugan. AB

## Malawakang takot, hatid ng militarisasyon sa Surigao del Sur

NAGDULOT NG MATINDING takot sa mga residente ang biglang pagdating ng mga sundalo at pulis sa Km. 16 at Han-ayan sa Barangay Diatagon, Lianga, Surigao del Sur noong Mayo 19. Ayon sa ulat ng mga residente, pinasok ng ilang sundalo ang paaralang Lumad na pinatatakbo ng Alcadev (Alternative Learning Center for Agriculture and Livelihood Development) sa Han-ayan habang ang iba ay nagbahay-bahay para hanapin ang mga lider ng Malahutayong Pakigbisog Alang sa Sumusunod (MAPASU). Hinahanap nila ang koordineytor ng Alcadev na si Maricres Pagaran, ang paring si Fr. Raymond Ambray at konsehal ng Lianga na si Sammy Dollano. Inaresto din ng mga pulis ang residenteng si Eric Enriquez noong umaga ng parehong araw.

Noong Mayo 12, nagpalipad ng *fighter jet* ang militar at naghulog ng apat na bomba malapit sa komunidad dakong alas-3 ng umaga. Limang beses ding pinaputukan ng kanyon ang lugar.

Sa sumunod na apat na araw, nagpaikut-ikot ang mga *drone* at helikopter sa paligid ng komunidad. Naghulog pa ang mga ito ng mga polyetong may nakasaad na "magbalik-loob na sa gobyerno para di kayo mahawa sa Covid-19."

Samantala, inireklamo rin ng mga magsasaka sa Northern Samar ang iba't ibang kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng 20th IB habang nagsasagawa ng operasyong militar sa gitna ng krisis ng Covid-19. Mula Abril 7-18, hinaras, tinakot at pinilit na maggiya sa operasyong kombat ng 20th IB ang anim na magsasaka at isang anim-na-taong gulang na bata na mga residente ng Barangay Deit de Turag, Silvino Lobos. Naiulat din ang pananakit ng mga sundalo sa isa pang residente. Pinilit din ng mga sundalo ang isang magsasakang residente ng Barangay MacArthur, Las Navas na maggiya sa kanilang operasyon noong Abril 18. AB

## Apela ng UN, kinatigan ng NDFP at mga armadong kilusan

PUMIRMA ANG NATIONAL Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pinagsamang apela noong Mayo 5 na nananawagan sa mga gubyerno na sundin ang mungkahi ng United Nations (UN) para sa pandaigdigang tigil-putukan at pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal. Ang mga ito, ayon sa UN, ay mahahalagang hakbang sa laban sa Covid-19.

Kasama ng NDFP sa mga pumirma ang mga myembrong organisasyon ng Resistance and Liberation Movements Network, Inter Alia, The Basque Movement, The Peace Dialogue Delegation-National Liberation Army-Colombia, The Kurdistan National Congress, mga armadong organisasyong etniko sa Myanmar, Euro-Burma Office, at Dr. Sai Oo ng Union Peace and Dialogue Joint Committee ng Myanmar.

Gayunpaman, sinabi ng grupo na maraming gubyerno ang hindi nagpaunlak sa panawagan ng UN sa pandaigdigang tigil-putukan, at ginamit pa ang Covid-19 para paigtingin ang kani-kanilang mapanupil na mga patakaran. Ang mga bilanggo naman na pinalaya ng ilang bansa ay pawang mga kriminal na nahatulan sa malulubhang kaso. AB